

Name:

Date:



Grade:

## Panuto: Piliin ang tamang sagot

ipabasa sa nakakatanda ang mga pagpipilian (10 points)

1. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit kailangan ng tao na pangalagaan ang kalikasan?

   a. Sa kalikasan nanggagaling ang mga materyal na bagay na bumubuhay sa kaniya.
   b. Responsibilidad itong ipinagkatiwala sa kaniya na dapat niyang gampanan.
   c. Ang kalikasan ay kakambal ng kaniyang pagkatao; ito ang bubuhay sa kaniya at bilang kapalit, kailangan niya itong alagaan at pahalagahan.
   d. Sa kalikasan nakadepende ang hinaharap ng tao dahil sa biyayang taglay nito.

2. Paano ipinapakita ng tao na pinahahalagahan niya ang kalikasan sa mga bagay na kaniyang ginagawa?

   a. Nagpapatupad ng mga batas na ayon sa pangangailangan ng kalikasan na ipinagkatiwala sa kaniya.
   b. Ginagawa ang tungkulin bilang isang mamamayang tagapangalaga ng kalikasan kahit na ito ay mapag-iwanan ng pag-unlad at panahon.
   c. Gumagawa ng mga paraan upang matulungan ang sarili at ang kaniyang kapuwa na maiwasan ang pagkawasak ng kalikasan sa pagtamo ng kaunlaran.
   d. Nakikiisa sa mga programang nagsusulong ng industriyalisasyon gaya ng road widening at earth balling.



LIVEWORKSHEETS

3. Ano ang maaaring epekto ng global warming?



a. . Unti-unting mababawasan ang bilang ng tao dahil sa gutom at mga trahedyang mangyayari.
b. Matutunaw ang mga yelo, lalawak ang dagat at magkakaroon ng malawakang pagbaha.
c. Unti-unting mararamdaman ng tao ang pag-iiba ng klima na maaaring magdulot ng pinsala sa buhay at ari-arian.
d. Magiging madalas ang pag-ulan, pagguho ng lupa at pag-init ng panahon.

4. Paano mo isasagawa ang programang magsusulong ng pangangalaga ng kalikasan?

a. Ipapatupad ang batas sa pamamagitan ng dagdag na multa sa bawat paglabag.
b. Hihikayatin ang bawat indibidwal na magtanim at makiisa sa isang gawaing makakalikasan.
c. Magkaroon ng takot sa batas at sa Diyos na nagbigay ng kalikasan.
d. Makikipag-ugnayan at gagawa ng isang komprehensibong pag-aaral upang makapagsagawa ng isang gawaing pangkalikasan.

5. Ano ang paraan na maaaring gawin ng isang simpleng mamamayan bilang tagapamahala at tagapangalaga ng kalikasan?

a. Magtapon ng basura sa tamang tapunan.
b. Magpatupad ng mga batas.
c. Magkaroon ng pagkukusa at maging disiplinado.
d. Maging mapagmasid at matapang sa pakikipaglaban pasa sa bayan.



LIVEWORKSHEETS